

Makukuha na ngayon ang mga libreng bakuna sa COVID-19 para sa karapat-dapat na mga taga-Calgary.



Okay lang na may mga katanungan tungkol sa bakuna. Alamin ang mga katotohanan mula sa iyong doktor o isang maaasahang mapagkukunan tulad ng Health Canada at Serbisyo sa Kalusugan ng Alberta [Alberta Health Services (AHS)]. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa bakuna pumunta sa canada.ca/vaccines.

Inuuna ng lalawigan ang pagbabakuna ng mga taong may lubhang panganib na sakit. Kung mayroon kang paunang umiiral na kondisyon, bisitahin ang alberta.ca/vaccine o kausapin ang iyong doktor o parmasyutiko.

Magbabakuna kaagad kapag karapat-dapat ka. Alamin kung kailan ka magiging karapat-dapat sa alberta.ca/vaccine. Ang eksaktong mga talaorasan ay nakasalalay sa suplay ng bakuna.

Bakit ka dapat magbabakuna?

Ang mga bakuna ay nagpapalakas sa ating mga sistemang kaligtasan sa sakit sa pamamagitan ng pagbuo ng mga antibody upang makatulong na maiwasan at labanan ang mga sakit. Dahil ang COVID-19 ay isang bagong virus, walang sinuman ang may natural na kaligtasan sa sakit. Mas ligtas at mas epektibo na mabakunahan kaysa sa mahawahan.

Ang pagbabakuna ay boluntaryo ngunit ang pagbabakuna ay nagpapanatili sa ating sarili at sa iba na ligtas at tinitiyak na makakabalik tayo sa normal nang mas maaga. Maaari kang makatulong na maiwasan na magkaroon ka ng impeksyon at protektahan ka mula sa malubhang pagkakasakit nito.



Sino ang dapat mabakunahan?

Ang baw't Albertan na karapat-dapat ay dapat mabakunahan. Kahit na gumaling ka mula sa COVID-19 dapat kang magbabakuna upang palakasin ang iyong kaligtasan sa sakit.

Kung wala kang isang card ng Alberta Health Care, maaari ka pa ding kumuha ng bakuna. Tumawag sa 811 upang gawin ang iyong tipanan. Hindi mo kailangan ng pagkamamamayan ng Canada upang makuha ang bakuna, pagkakakilanlan lamang. Bisitahin ang alberta.ca/vaccine para sa isang listahan ng tinatanggap na ID.



Ano ang mangyayari pagkatapos mong mabakunahan?

Hanggang sa ang karamihan sa mga Albertans ay protektado ng bakuna, dapat nating ipagpatuloy ang pagsunod sa lahat ng mga alituntunin sa kalusugan ng publiko:

- magsuot ng maskara;
- manatiling 2 metro ang layo;
- hugasan ang iyong mga kamay; at
- manatili sa bahay kung sa tingin mo ay hindi maganda ang iyong pakiramdam.

Aabisuhan ka ng AHS kapag karapat-dapat ka para sa iyong pangalawang dosis ng bakuna.



Suporta

- Kung mayroon kang mga sintomas dapat kang manatili sa bahay at dapat kang masuri. Bisitahin ang alberta.ca/COVID19 upang i-book ang iyong pagsubok sa online o tumawag sa 811.
- Maaaring makakuha ng pampinansyal na suporta kung hindi ka nakakapagtrabaho dahil may sakit ka, kinakailangang ihiwalay ang sarili, o may inaalaang isang taong nakahiwalay. Tumawag sa **811** para sa karagdagang impormasyon.
- Magagamit ang libreng mga kuwarto sa hotel at pampinansyal na suporta kung kailangan mong ihiwalay ang sarili dahil sa COVID-19 at hindi mo ito magagawa sa iyong sariling tahanan. Tumawag sa **211** para sa karagdagang impormasyon.



Kailangan ng tulong?

Tumawag sa **811** upang malaman kung karapat-dapat ka at gumawa ng isang tipanan. Magagamit ang serbisyo sa 240 mga wika. Para sa suporta sa COVID-19 sa iyong sariling wika tumawag sa **1-833-217-6614**.



Kailangan ng sakay?

Tumawag sa **211** upang makakuha ng tulong sa paghahanap ng sakay papunta at pauwi mula sa iyong tipanan sa pagbabakuna.